NOT FOR SALE

# VALENZUELA NGAYON

Taon 4 Blg 8 | VALENZUELA, MAY DISIPLINA! | Hulyo - Setyembre 2008

Nag-ulat si Mayor WIN Gatchalian ukol sa kasalukuyang lagay ng edukasyon... PAHINA 3

# P290 MILYON PARA SA SILID-ARALAN



VP VISITED... PAGE 3






## NFA RICE REBAGGING, CAUGHT

PAGE 3

...SA TULAY PAGE 3



**VALENZUELA CITY LUPONG TAGAPAMAYAPA INCENTIVES AWARDS 2008**

| RANK | BARANGAY | RATINGS |
|---|---|---|
| Outstanding | Maysan | 96.2% |
| 1st Runner-up | Mapulang Lupa | 95.2% |
| 2nd Runner-up | Punturin | 93.4% |
| 3rd Runner-up | Canumay | 91.2% |
| 4th Runner-up | Rincon | 90.2% |
| Top 6 | Karuhatan | 88.0% |
| Top 7 | Lingunan | 87.4% |
| Top 8 | Arkong Bato | 87.0% |
| Top 9 | Bagbaguin | 86.0% |
| Top 10 | Malanday | 85.05 |

## MAYOR WIN, SEN. BONG & SEC. EBDANE SA TULAY

Binisita ni Mayor WIN, Department of Public Works and Highways (DPWH) Sec. Hermogenes Ebdane, at Senator Bong Revilla noong ika-15 ng Agosto ang kalsada sa paanan ng tulay Tullahan sa kahabaan ng Mc Arthur Highway na nagdurugtong sa Lungsod ng Valenzuela at bayan ng Malabon.

Ang DPWH ay binabatikos dahil sa paggamit ng aspalto sa paanan ng tulay na madaling masira lalo na kung nababasa at madaling tangayin ng tubig. Si Project Engineer Ed Santos ay nagsabi na napilitan silang aspalto ang gamitin dahil minamadali sila na tapusin agad ang proyekto.



nasa larawan sina Mayor WIN, Sen. Bong Revilla at DPWH Sec. Ebdane na nag-uusap ukol sa Tullahan Bridge

Pagtatambak ng graba at mga bato ang remedyo na ginawa ng DPWH. **"Hindi iyan ang solusyon, ang problemang ito ay nagdudulot ng paghihirap at perwisyo sa mga mamamayan. Naiwasan sana ito kung ginawa lang nila ang kanilang trabaho, ito ay dapat ng ayusin. Wala kaming ibang hihilingin kundi ang kung ano ang nakasaad sa kontrata"** sabi ni Mayor WIN



Inaayos ang kalsada sa paanan ng Tullahan Bridge

Nagkakaisa sina Mayor WIN at Sen. Bong Revilla na ang paanan ng tulay ay muling ayusin, gamit ay mga kungkretong materyales at hindi gawa lang sa aspalto.

Nilinaw ni Mayor WIN na ang proyekto ay hindi sa ilalim ng pamamahala ng Lungsod ng Valenzuela, kundi ng National Government sa pangunguna ng DPWH.

"Iginiit pa ni Sec. Ebdane na lahat ng gastos sa pag-aayos ay sagutin ng Seldstar, dahil wala pang isang taon ang proyekto at ito ay maliwanag na nasa ilalim pa ng warranty. Ating igigiit na dapat muling hukayin ang paanan ng tulay. Alisin ang malambot na ilalim at tambakan ng kungkretong buhos na semento. Babantayan natin bawat gawa dito para masiguro natin na maayos na ang proyektong ito", pangako ni Sec. Ebdane.

## Pulis Singapore dinalaw si Mayor



Sinamahan ni Police Station Chief P/SRSUPT Ranier Q. Idio at Public Information Officer Marither S. Menia si Singapore Police Attaché to the Philippines Gen. Lo Kim Bock sa opisina ni Mayor WIN Gatchalian.

Sa kanilang pag-uusap ay nasabi ni Gen Lo na ang kanilang mga pulis ay talagang estrikto, ang pagtatapon ng upos ng sigarilyo sa hindi tamang lugar ay may multang 30 Singapore dolar katumbas ng 900 piso.

Ang kanilang bansa ay nakilala sa mundo sa pagiging mahigpit at estrikto sa mga patakarang pampubliko kaya't ang mga mamamayan at turista ay lubos na nag-iingat.



"Malayo pa para magaya ang inyong bansa. Nais naming tularan ang sistema ng kapulisan ng Singapore na sa kabila ng kaunting bilang ng mga pulis ay may mababang tala ng krimen. Patuloy kaming mag-aaral ng inyong mga pamamaraan at ipatutupad iyan ng aming mga pulis dito sa Lungsod ng Valenzuela" sabi ni Mayor WIN.

Si P/SRSUPT Idio ay patuloy na nagpupunta sa Singapore para pag-aralan ang mga pamamaraan at sistema ng mga pulis sa bansang nabanggit. " Napakahusay ang pananatili ng katahimikan at kaayusan na ipinatutupad ng mga pulis at ang mga mamamayan ay mataas ang pagtingin sa kapulisan" dagdag pa niya.



*"What God wants most from you is a relationship"*

## VALENZUELA, MAY DISIPLINA ZONE IN ACTION



NCRPO Chief Police Director Gerry Barias visited Polo area together with VCPS members led by PS/Supt. Ranier Idio and Action Officer PB John Arenas of Brgy. Poblacion and personally checked "Disiplina Zone" in action.

Before they patrolled the area, PB Arenas briefed Gen. Barias regarding operations conducted in the Discipline Zone, which includes implementation of the neglected 2 meter road setback, the cleanliness and orderliness, and strict implementation of traffic rules and regulations.

As they roamed the Polo Market, General Barias asked some of the residents and entrepreneurs regarding the effects of the Disiplina Zone on their business. All those interviewed were satisfied with the outcome of the Discipline Zone Operations.

The adverse effects of the Zone to businesses as earlier reported were denied by the business owners.

## PINARANGALAN ANG BANTAY BAYAN AGENT

Kamakailan lang ang Bantay Bayan member na si Romulo Dela Peña ay pinarangalan ni Mayor WIN at NCRPO Director Gerry Barrias sa kanyang katapatan dahil sa pagsasauli niya ng pera na nagkakahalaga ng (Php 700,000.00) pitong daang libong piso sa may-ari nito. Binigyan din si Dela Peña ng Plaque of Appreciation ng Rotary Club of Valenzuela.

Sa ngayon ang Bantay Bayan ay may labingtatlong himpilan na matatagpuan sa mga barangay ng Gen. T. de Leon, Canumay, Bignay, Malinta, Lingunan, Dalandanan, Malanday, Wawang Pulo, Pasolo at Rincon.

Ang pamahalaan ng Valenzuela sa pakikipagtulungan ng mga opisyal ng Valenzuela City Police Station at DILG Valenzuela ay nagkaroon ng pag–aaral sa ika – anim na batch ng Bantay Bayan Volunteers noong ikalabing anim hanggang ikalabing pito ng Setyembre 2008 na ginanap sa Action Center Building sa Brgy. Dalandanan.

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang magkaroon ng karunungan ang mga volunteers kung paano nila magagampanan ng maayos ang kanilang mga responsibilidad. Kasama sa mga kurso rito ay ang Intelligence Information Gathering, Basic Investigative Technique, Basic Techniques on Arrest, Search and Seizure, RA 9262 o Violence Against Women and Children at RA 7619 o Child Abuse Law, itinuro rin dito ang paggamit ng arnis at nightstick.



## ILLEGAL NFA RICE REBAGGING

170 bags well-milled Grade #4 Super NFA Rice were discovered and being diverted into a small makeshift warehouse inside Rafols Compound in



Mayor WIN at P/Supt. Idio inspecting illegally rebagged NFA rice

Brgy. Rincon, Valenzuela City. These are being transferred to other bags and passed on as Libra Brand Angelica Rice, 40 sacks of which are already in a closed delivery van of LSKC Enterprises with plate number XAM 534, all set for transport to the markets.

Mayor WIN condemned the operation saying, "Amidst the rice crisis and food shortage, it's disheartening to see something like this. This deprives the poor and needy citizens of Valenzuela who endure the long line at the authorized NFA dealers." - BY ZYAN CAIÑA

## P290 MILYON PARA SA mula pahina 1

Inilahad niya na sa taong 2008 ay 290 milyong piso ang inilaan sa edukasyon at mula dito ay malaking halaga ang nakalaan para sa pagpapagawa ng mga gusaling pampaaralan.

Ang report ni Mayor WIN ay noong ***WIN ANG EDUKASYON PROGRAM Valenzuela City Education Summit***, ika-29 ng Agosto sa VCCPA.

Layunin ng pamahalaang lungsod na sa bawat silid aralan ay 45 estudyante lamang .Kayat taun-taon ay mga 100 milyong piso ang inilaan para sa karagdagan pang mga gusali.

Ang programa ay sa pakikipagtulungan ng Synergeia Foundation, DepEd Valenzuela at Pamahalaan ng Lungsod ng Valenzuela. Mula sa iba't ibang sektor, mga 200 ang dumalo.

## PASIGLAHIN ANG SCOUTING

Naglaan ng isa't kalahating milyong piso si Mayor WIN Gatchalian sa mga programa ng Boy Scout at Girl Scout sa Lungsod ng Valenzuela sa nakaraang pulong na ginanap noong ika-16 ng Setyembre.

Kasama sa pulong ang chairperson ng scouting council na si FCC Beth Chongco, Dr. Joel San Luis ang vice-chairman, Coun. Boy Padrinao at mga School Principals




at Scouting Masters. Pitong taon ng kakaunti ang mga programa ng scouting sa lungsod at ngayon ay muling pasisiglahin. Naglahad ng gastusin ukol sa girl scout si Ms. Rosarie Carlos, secretary ng scouting council at G. Bal Gayen ng boy scout.

Kaagad inaprobahan ni Mayor ang isang milyong piso para sa girl scout at kalahating milyong piso para sa boyscout. **BETH CHONGCO**

## Medical Equipment para sa Valenzuela Emergency Hospital




Ang ating Lungsod ng Valenzuela ay nakatanggap ng sampung milyon pisong halaga ng mga kagamitan ng ospital at mga gamot mula sa donasyon ng International Aid Korea. Ang donasyong ito ay tinawag na "Medical Love Gift for Valenzuela City Emergency Hospital".

Ang International Aid Korea o IAK ay isang organisasyon ng Kristiyano na ang layunin ay makabuo ng komunidad na mangangalaga sa kalusugan upang maiangat ang kalusugan at pagkatao ng mundong nangangailangan. Ang IAK ay nakalaan upang magbigay at sumuporta sa mga programang pangkalusugan, edukasyon at para sa kalidad ng serbisyo sa kalusugan.



Tinitingnan ni Mayor WIN, Mr. Jimmy Santiago at Ms. Dorothy Evangelista ang mga donasyon galing Korea.

Masayang tinanggap ng ating mahal na Punong Lungsod WIN Gatchalian ang mga ito. "Nagpapasalamat kami sa IAK sa pagpili sa Valenzuela upang tumanggap ng mga gamot at mga kagamitan. Ito ay malaking tulong para sa programang pangkalusugan ng lungsod lalo na sa ika–uunlad ng Valenzuela City Emergency Hospital, dahil dito madali nating maaabot ang mga Valenzuelanos na nangangailangan ng health care".

## THE VICE PRESIDENT VISITED BARANGAY BIGNAY

Rain or shine, Vice President Noli de Castro put a smile on everyone's face as he visited the Medical Mission and Housing Project in Valenzuela City.

The Medical Mission was held at Northville 1 Bignay Multi-purpose building last August 15, 2008. The highlight of the mission is the "Alis Kuto Campaign," entitled "Be Healthy, be Kuto Free," is a joint project of Mayor WIN and CSWD through Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) and National Housing



Authority (NHA). Vice President Noli also visited the Bignay Day Care Center before inspecting the housing project in Northville. The project " Bagong Tahanan, Bagong Pag-asa, Bagong Simula" is a joint project of the local government and Vice President Noli de Castro. Its aim is to relocate at least 800 families from squatter areas and homes along the railroad to a more decent environment.

Participating in this project are the Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC), National Housing Authority (NHA), Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) and other local department such as Special Projects Office, Brgy. Population Management, Rexponsableng Serbisyo, Valenzuela City Bantay Bayan and barangay officials.

ANN MELANIE ESTRELLA

## Himig Valenzuela atbp...

Inilunsad noong ika-11 ng Setyembre sa Valenzuela City Center for the Performing Arts Theater ang MTV ng *Himig Valenzuela*. Dinaluhan ng mga panauhin mula sa iba't-ibang sektor ng lipunan ang naturang programa.

Ang *Himig Valenzuela* ay ipinasa sa Sangguniang Panglunsod bilang Ordinansa bilang 18, ito ay naging opisyal na Awitin ng mga Valenzuelano. Maraming magagandang katangian ng Lungsod ang ipinakita sa naturang MTV, inawit ng Valenzuela City Chorale na may background presentation sa music video kasama ang mga pulis, traffic enforcers, tricycle driver, tsuper ng jeepney,



mga nurse at duktor, empleyado ng pamahalaang lungsod at mga residente ng lungsod.

Ang music video ay nagpakita ng mayamang kasaysayan ng mga Valenzuelano na may pagka makabayan. Ipatutupad ang Himig Valenzuela Hymn na ito ay awitin sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralan sa buong lungsod.



Kasabay sa pagdiriwang ay ang pormal na pagkakaloob ng pamilya ng bayaning Dr. Pio Valenzuela, ang piraso ng lupain na nasa Bgy. Pariancillo Villa para sa Pamahalaang Lungsod.

Ang lote na may sukat 272 metro-kuadrado ay gagawing historical landmark. Naglaan ng 2 milyong piso ang pamahalaang lungsod para sa bantayog kung saan ililipat ang labi ng yumaong bayani na si Dr. Pio Valenzuela.

Itinanghal din sa okasyong ito ang Valenzuela City Ten Outstanding Lupong Tagapamayapa Incentive Awards. Ang mga nagwagi ayon sa pagkakasunod-sunod na mga naturang Lupong Tagapamayapa ay: Maysan, Mapulang Lupa, Punturin, Canumay,Rincon, Karuhatan, Lingunan, Arkong Bato, Bagbaguin at Malanday.

## PAGGAWA NG TINAPAY PARA SA HANAPBUHAY



Dinaluhan ng 150 mga nagsilahok na karamihan ay mga kababaihan ang ginanap na Baking Seminar, noong ika-19 ng Agosto, ginanap ito sa Valenzuela Convention Center.

Ang naturang seminar ay nagturo sa paggawa ng iba't ibang uri ng produkto na ginagamitan ng harina. Kasama dito ang cake, siopao, cookies at brownies. Layunin ng programa na tulungan ang mga lumahok na masanay sa larangan ng panaderya at makapagtatag ng sarili nilang hanapbuhay.

Ang pagsisikap na ito ay programa ng WIN NA WIN ANG KABUHAYAN PROGRAM na pinangungunahan ni Mayor WIN Gatchalian, sa ilalim ng pamamahala ni Ms. Lorie Natividad Borja ng Livelihood Project at Ms. Dorothy Evangelista ng Special Project Unit. Sa mga nagnanais na makapagsanay sa ganitong uri ng negosyo, pwede silang tumawag sa Youth-Sports-Livelihood-Development Office sa telepono bilang 352 1000 local 1807, at hanapin si Mrs Linda San Juan ang operation officer.

## PRETTY PREGGY



Search for Gandang Buntis 2008, held last July 22, 2008 headed by Dr. Antonio L. Olegario of Valen zuela City Health Office. The program is for promotion of healthy motherhood among pregnant women."It is so cute seeing seven-month pregnant woman dancing otso-otso" says a very glad audience. From left: Mrs. Hersian Rances won the Gandang Buntis Title, Mrs. Jocelyn Malo got the 1st Runner Up, and Mrs. Zoraida Ebuenga is the 2nd Runner-Up.

by PIA DIZON



*"Education is the back bone of our society. The society is us. Let's do our part to uplift our education system. Let's get involved"*
*-Mayor WIN*

## ADDRESSING THE ILLEGAL DRUGS SITUATION

Former Vice Mayor and VADAC Action Officer Antonio Espiritu said in the Introductory Remarks during the opening ceremony, "Like any other city in the Philippines and the whole world, Valenzuela is in the middle of the war against illegal drugs. The City Government, with the help of our dedicated police force and other concerned agencies, is doing its best to totally eradicate drugs and the elements and forces that encourage it." As part of the comprehensive program to eradicate illegal drugs in the city, the City Government, through Valenzuela Anti Drug Abuse Council (VADAC), held an Orientation Seminar for all Barangay Anti-Drug Abuse Councils in the city. All Barangay Anti-Drug Abuse Council members in the City, as well as, social workers and church pastors participated in the seminar held last July 24 and 29 at Valenzuela City Convention Center.



*FVM Tony Espiritu giving an overview of the illegal drugs situation of the city*

They were informed and trained on their functions and duties as drug enforcers in their respective barangays.

Mayor WIN said in his Inspirational Speech that, "it is necessary to strengthen the effort to disseminate information on the harmful effects of drugs. The barangays, as the first line of defense of the city and the foundation of its growth and development, should also be the first line of defense against illegal drugs. It's everybody's responsibility and certainly is one of the key roles of BADAC."



*Mayor WIN, FVM Tony and the VADAC Staffs*

This project also aims to curb the illegal drug problem in Metro Manila, which accounts for 52 percent of the illegal drug trade in the entire country.

On questions how a genuine arrest warrant for a suspected drug dealer or user can be ascertained, P/SSupt Benjamin Magalong cited that, "all the warrants and affidavits should be signed by the police official concerned and an official from PDEA."

Aside from DILG Memorandum Circular No. 98227, as amended by Memorandum Circular 99236, which mandate the creation of Barangay AntiDrug Abuse Councils, participants also learned about pertinent Anti-illegal Drug Laws like RA 9165 or the Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

**continued on page 7**

## ACTION CENTER BINUKSAN SA BGY. GEN. T. DE LEON

Isa pang Mayor WIN Action Center ang binuksan sa Bgy. Gen T. de Leon noong ika-15 ng Setyembre. Ito ay sa pagsisikap na mailapit ang serbisyo sa mamamayan. Layunin ng opisinang ito ang magbigay serbisyo ukol sa tulong medikal at pangkalusugan, tulong sa pagpapalibing, aplikasyon para kasapi ng OSCA at iba pang tulong sa mga residente ng Lungsod ng Valenzuela.



Kinatawan ni Mayor WIN, pinasinayaan ni Cong. Rex ang pormal na pagbubukas ng naturang opisina. "Medyo malayo ang Gen T. de Leon sa City Hall, lalo na para sa mga mamamayan na kapos ang pamasahe , kaya naglagay dito si Mayor WIN ng satellite office para mailapit ang serbisyo publiko sa mamamayan" sabi ni Congressman Rex.

Ang WIN Action Center sa Gen. T. de Leon ay bukas ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes, na pinamumunuan ni Former Kagawad Josie de Leon, na matatawagan sa telepono bilang 443-3622. "Ang opisinang ito ay opisina ng mga mamamayan, ating inaanyayahan ang mga Valenzuelano na kumuha ng mga serbisyong inilalaan para sa kanila" pahayag ni Mayor WIN.

## BINGO SI LOLA AT LOLO

Ginanap noong ika-6 ng Setyembre sa Valenzuela City Astrodome ang Bingo Bonanza na dinaluhan ng mga 450 katao, may mga kalahok din na mga hindi senior citizen. Ito ay programa ng **Pinagbuklod na Samahan Ng Mga Nakatatanda Sa Lungsod ng Valenzuela**, Tagapayo sa naturang samahan si Konsehala Cora Cortez sa mga pangulo ng mga samahan ng mga nakatatanda sa bawat barangay ng lungsod.



Ang programa ay may 15 consolation prizes at 5 major prizes. Dumating sa okasyon at bumati sa mga senior citizen sina Mayor Sherwin Gatchalian, Vice Mayor Erick Martinez mga konsehal Adrian Dapat, Cecil Mayo at Mar Morelos. Dumating at bumati rin sina Ms. Jing Hernandez at Mr. Marlon Alejandrino. Nagdagdag ng mga cash prize ang mga dumating na lalong ikinatuwa ng mga kalahok.Nagdulot ng lubusang saya ang programa lalo na sa mga nakatatanda.

**ni G. Ruben S. Cornelio**

# LIBRENG TUBIG



Tuloy-tuloy pa rin ang programa ng patubig sa mga lugar ng Lungsod ng Valenzuela na hindi pa abot ng Maynilad o Nawasa. Ito ay araw-araw na serbisyo sa mga mamamayan. Sa mga nagnanais magkamit ng naturang serbisyo ay tumawag kay Kap. Totoy ng Tubig Patrol ng Valenzuela City Action Center sa telepono bilang 291 8231.

# Free driving lesson



Inilunsad ang "Free Driving Lesson" na dinaluhan ng mga empleyado ng iba't ibang departamento ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela.

Ang pagtatapos ng unang pangkat ay ginanap sa Convention Center noong Agosto 7, na may 15 nakakumpleto ng libreng pagsasanay, lahat sila ay tumanggap ng katunayan ng kanilang pag-aaral.

Ang pagsasanay na ito ay hindi lamang sa mga empleyado ng City Hall kundi para rin sa mga Valenzuelano na nagnanais na mag-aral.

Panahon at determinasyon ang kailangan para matapos ang kurso. Anim na araw ng Sabado ang lectures at aktuwal na pagmamaneho na ginaganap sa Valenzuela Polythecnic College sa barangay Parada.



Mga pagsasanay sa pag-aayos ng sasakyan, traffic signs at mga batas trapiko ay kasama sa pag-aaral.

Kapag nakumpleto ang mga kailangan, ang katunayan ng pagtatapos sa pagsasanay ay kinikilala ng Technical Education and Skills Development Authority o TESDA.

# Protektahan ang tao, Hulihin ang aso !

Magkasanib na naglunsad ng seminar ang City Veterinary Department ng Lungsod ng Valenzuela at Navotas noong Agosto 6-8. Layunin ng seminar na paghusayin ang pagpapatupad ng M.O. 2006-11 ng Navotas at Ordinansa bilang 36 ng taong 2000 ng Lungsod ng Valenzuela ukol sa paghuli sa mga gumagalang hayop.




Si Dr. Basil Sison ng Lungsod ng Valenzuela ang nagturo sa seminar ayon sa pagtugon sa kahilingan ng Navotas Agriculturist na si Bb. Joebe Gonzales.

Layunin ng serbisyong ito ng pamahalaan na protektahan ang publiko sa mga sakit na dulot ng mga gumagalang hayop lalo na ang rabies at para rin sa maayos at malinis na pamayanan.




# THE ALIS -KUTO QUEEN !




The ALIS KUTO CAMPAIGN, Be healthy, be Kuto Free! headed by Ms. Jing Hernandez, did it in 27 Public Elementary Schools of Valenzuela City. The campaign is with the coordination of Oilganics, a company that promotes line of products that is very effective in prevention of lice. Among students that were being treated, is a grade-5 girl student of Coloong Elementary School who was combed-out of 446 lice in one treatment alone.

The campaign is a public service of Mayor WIN Gatchalian that aims to promote good health and to help students improve their study habits by eliminating distractions caused by itchy lice, "Valenzuela City have a new found queen. THE ALIS KUTO QUEEN and it's me", Ms. Hernandez jokingly said.

# "WIN ang Edukasyon Program"

The "WIN Ang Edukasyon Program is a program deviced to continuously uplift the quality of basic education in our city thru collaborative efforts and partnership of all the stakeholders involving the education sectors like Dep – Ed, community, teachers, parents, brgy. Officials, business sectors and NGO's. The program also focuses on the development of all subject areas specially English and Mathematics. Under this program our city established a partnership with SYNERGEIA Foundation, a group composed of more than a hundred heads from various discipline and institution who are committed to perform the basic quality of education.To ensure the success of the program an executive order number 2008–2062 was issued by the city Mayor Honorable Sherwin T. Gatchalian creating the project management team of the said program, the PMT performs several key functions as follows: 1.Reassign and develop a work program; 2. Accommodate activities and disseminate information to key people; 3.Mobilize, manage and raise method resources; 4. Identify and liaises with possible partners and networks; 5. Evaluate and benchmark the progress and impact of the project.



The PMT is headed and chaired by Mayor Sherwin T. Gatchalian, program coordinators are Dr. Joel T. San Luis OIC Superintendent Division of City Schools of Valenzuela and former Coun. Lorie Natividad – Borja, representative from different sector involving education like the PTCA, Teacher's Association, Business Sector, Dep – Ed Officials, Religious sectors, Health Office, Academic Institutions and others as members of the PMT.

Initial activities such as seminar – workshop for our teachers and Valenzuela education – summit was already initiated by the group, Continuous construction of classrooms, development of our public schools, teachers development training, parents development training, developing our own instructional materials like workbooks for every public schools students are some of the lined up priority projects under this program.

**by LORIE NATIVIDAD BORJA**

# MGA KAGANAPAN PA SA LUNGSOD NG VALENZUELA



Mr. Wes Gatchalian tumulong sa medical mission sa Bgy. Gen. T. de Leon



Barangay Based Institutions Seminar. kasama si Coun. Jun, Fiscal Ibuyan at Coun. Shalani: nagbigay si Coun. Alvin ng plaque sa isang kagawad sa kanyang pakikilahok,



Early childhood care program for ages 3-6 y.o.



Tatlo pang bagong Crosswind Isuzu vehicle ibinigay ng Pamunuan ni Mayor WIN sa PNP Valenzuela



City Social Worker and Development Office Disaster Response Team Seminar



Mayor WIN naggawad ng plaque ng pagkilala at pasasalamat kay Gen. Barias



Medical Mission and Housing Project sa Bgy. Bignay



Inspeksyon ng mga timbangan sa public market

## Maginhawang naglalakad ang mga mamamayan sa sidewalk !



Ika-5 ng hapon, habang nagmamaneho ng kanyang kotse, nadaanan ni Andy ang kanyang nanay na naglalakad sa kahabaan ng T. Santiago St., pauwi galing sa palengke ng Canumay dito sa Lungsod ng Valenzuela

Binagalan ang takbo, binuksan ang bintana ng kanyang kotse, tinapatan ang naglalakad niyang nanay, "Nanay bakit ka naglalakad? Sakay na!" ang nagtatakang tanong at paanyaya ni Andy "Hayaan mo na nga ako, gusto kong maglakad hindi mo ba nakikita, ang ganda ng sidewalk" tugon ni Aling Prosy. Pinilit pa ni Andy ang kanyang ina na sumabay sa kanya, ngunit ayaw nito.

Si Aling Prosy ay isa lamang sa mga maraming mamamayan, mga estudyante, mga manggagawa at marami pa, na nasisiyahang maglakad sa mga bagong gawang sidewalk.

Sa Lungsod ng Valenzuela ay marami ng mga sidewalk ang inayos, pinaluwang, may sementadong bricks na kulay pula na maginhawang nilalakaran ng mga mamamayan.

**ni Engr. Edgar Los Baños**

## MAGTULUNGAN PARA SA KALINISAN NG LUNGSOD

Ika-7 ng umaga, nag-uumpisa ng kanyang trabaho si G. Ernesto Marcos sa pagwawalis ng kalsada sa kahabaan ng Mc. Arthur Highway, Malinta, Lungsod ng Valenzuela.




Ang ganitong tanawin ay laging makikita sa halos lahat ng mga lansangan sa siyudad. Ang pagwawalis sa kalsada ay isang programa ni Mayor WIN Gatchalian na nagnanais na panatilihin ang kalinisan ng lungsod.

"Ibang-iba ngayon, malinis ang kalsada may nagwawalis kasi. Maganda ang serbisyo ng pamahalaang Lungsod. Sana ay makipagtulungan din ang mga mamamayan na iwasang magkalat sa kalye. Ang pananatili ng kalinisan sa lungsod ay sa ilalim ng pamamahala ni G.Roberto Darilag, sa superbisyon ni G. Cezar Peralta ng Waste Management Office - Clean and



Green Program. "Lalong malinis ang kalsada kapag lahat may disiplina, sa tamang tapunan ang mga basura dapat ilagay" sabi ni G Marcos. Kung ang mamamayan ay may suhestiyon para sa iba pang mga pamamaraan kaugnay sa kalinisan ng lungsod ay pwede silang tumawag sa nasabing opisina, telepono bilang 432 0425.

JOSEPH LLORANDO




*"Nothing matters more than knowing God's purposes for your life, and nothing can compensate for not knowing them"*




## illegal drugs situation...

**from page 4**

Other Speakers on pertinent Anti-illlegal Drugs Laws were DILG Valenzuela City Director, Cecilia P. Kwan and Fiscal Hilda A. Ibuyan.

Mayor WIN also called for preventive action rather than cure with regards to drug abuse, *"Even the most advanced and effective rehabilitation programs in the world could not guarantee one hundred percent healing. Because nothing and no one could remedy the damages drugs inflict on its victims and the people around him and his whole community."* the Mayor added. Valenzuela City, through VADAC, will continue to bolster BADAC as partner of the City and the whole country to eradicate drugs and achieve the goal to have a Drugfree Philippines by 2010.

**BY ZYAN CAIÑA**

## OPINION

**The Valenzuelaños must reflect the reality and respond to its challenge: to make Valenzuela City a better place to live.**

**On the above mentioned challenge, it is readable that our city government is having its upper-hand and solutions are well-studied and on its way.**

**Today, as we travel along the roads of the city, it is as clear as daylight that substantial changes are happening in our place.**

**We must recognize that Valenzuela City today is very different from that decade ago. Roads are being widened and repaired simultaneously, school buildings are being built one after another, sidewalks are now being enjoyed by the pedestrians, garbage collections are on daily basis, and as what we are seeing everyday: sweepers in every corner of the streets, a much cleaner environment.**

**A conscientious citizen, once visited the new Executive Building that housed the offices of the city government will find out that Valenzuela City had changed the face of its governance. Its modern, past and sincere service is discernable, with more satisfied citizenry.**

**There are lot more of programs and projects which space does not permit to mention it all, and of course, whose beneficiaries are no other than but the Valenzuelaños.**

**Although our city is still at early stage of its city hood, the leadership performance of Mayor Sherwin Gatchalian shows that we are past approaching to our aim of an ideal community. There are still a great deal of work to do, but Mayor Gatchalian promised us that he will do his part. And he trust that we, as Valenzuela City citizens, will do ours.**

# WIN Ang Edukasyon Program namahagi ng 66,000 notebooks

Noong ika-30 ng Hulyo, bilang Bahagi ng WIN Ang Edukasyon Program, mga 66,000 notebook ang ipinamigay sa may 13,281 kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa Bignay Elementary School, Punturin Elementary School, Dalandanan Elementary School, Bignay National High School, Punturin National High School, Dalandanan National High School at Valenzuela City Science High School.

Tumanggap din ng libreng Lesson Planners, mga babasahin, class registers at iba pang kagamitan ang mga guro. Nakatanggap din ng mga workbook at mga babasahin ang mga mag-aaral sa daycare.



Tumulong sa pagbabahagi si G. Marlon Alejandrino, "Ang mga ito ay tulong ni Mayor WIN para sa kinabukasan ng mga mag-aaral ng Valenzuela, ito sana ay magpasigla sa kanila na mag-aral mabuti at silaý maging bahagi sa pag-unlad ng ating lungsod" sinabi ni G. Marlon Alejandrino.


Sa kaugnay na ulat, sa pamamagitan ng VC Global, ang Alternative Learning System o ALS, para sa mga gustong mag-aral na may edad na, at sa mga out-of-school-youth ay tuloy-tuloy pa rin ang programa.

## PDL sa Valenzuela City

Nagsama-sama ang mga 300 katao na lumahok sa paglulunsad ng Purpose Driven Life o PDL, noong ika-16 ng Agosto sa Valenzuela City Auditorium.

Dinaluhan ng ibat-ibang sector, kasama ang sector ng relihiyon, Sangguniang Kabataan, pamunuan ng mga sangay ng pamahalaang lungsod, Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela at mga pastor ng simbahan.

Nagbigay ng pangkalahatang pananaw ukol sa programa si Pastor Manuel Pagala, direktor ng Purpose Driven Life Southeast Asia.




**"Kailangan ng ating lungsod ang katulad na programa ng PDL para sa kabuuang pag-unlad ng ating pagkatao at para sa Values Formation ng ating lipunan "**

Nailunsad ang programa sa pakikipag-ugnayan at tulong ni Mayor WIN Gatchalian. Binati rin ng Mayor ang mga namumuno sa programa para sa malasakit at sa espiritual na tulong nito para sa lungsod.

"Kailangan ng ating lungsod ang katulad na programa ng PDL para sa kabuuang pag-unlad ng ating pagkatao at para sa Values Formation ng ating lipunan "sabi ni Mayor WIN.

Ang mga grupong nagsusulong ng PDL sa lungsod ay Valenzuela Pastoral Network, Valenzuela Christian Ministers for Social Concern, Ministers for Valenzuela's Progress, Valenzuela for Jesus Movement at ang Purpose Driven Life Southeast Asia.

Ang PDL Program ay hango sa aklat na sinulat ni Rick Warren na sa pangkasalukuyan ay may 25 milyon ng kopya ang nasa kamay ng mga mambabasa na kalat sa buong mundo.

Ginamit na ang katulad na programa sa direktiba ni PNP Director-General Avelino Razon para sa Values Formation Program ng mga pulis.

Kasama rin sa mga lungsod na ganito ang programa ay ang lungsod ng Maynila at Marikina.

"Ang PDL ay nagbigay sa akin ng malaking tulong, natuwid ang direksyon ng aking buhay, mas naging maayos ang pananaw ko sa buhay na nagdulot rin sa akin ng saya at kapayapaan." sabi ni Gng. Ligaya Tome isang nakabasa na ng PDL.

Ang Memorandum of Understanding ukol sa PDL program ay kasalukuyang inihahanda at ang programa ay naglalayon na masunod ang layunin ng E.O. no. 347 ng Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ukol sa Values Formation at R.A. 6713 ang Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees.

Si Dr. Isabel Tobias, Secretary General ng Presidential Council for Values Formation ay inindorso rin ang PDL sa bawat sangay at pamahalaan ng ating bansa. **Romeo Gonzales**

**VALENZUELA NGAYON**

**Publisher : CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA**
**Editor-in-Chief : REV. IBES L. PALILEO**
**Graphic Artist : MR. ALLAN C. TAMPADONG**
**Secretary : MS. LORNA O. ELARDO**
**Phothographer : MR. ERWIN M. MARASIGAN**
**News Coordinator : MR. JONATHAN A. LICUAN**
**Consultants : MR. PHILIP ENCARNACION**
**MS. JING M. HERNANDEZ**
**Contributors : MS. ANN MELANIE A. ESTRELLA**
**MR. ZYAN CAIÑA**
**MS. JEHAN D.S. TORDA**
**ENGR. EDGAR LOS BAÑOS**
**MR. JOSEPH D. LLORANDO**
**MR. ROMEO I. GONZALES**
**FCC LORIE NATIVIDAD BORJA**
**FCC BETH CHONGCO**
**MR. JOSE GENE ESCOBIA**

**VALENZUELA NGAYON is a quarterly publication of the City Government of Valenzuela. It accepts contributions for publication but reserves the right to edit any manuscript for reasons of grammar, spelling, propriety and space. All opinions expressed in any article are those of the author and do not necessarily reflect those of the paper.**

**For comments, suggestions, and manuscripts, please address them to the City Publication Unit, Office of the City Mayor, 3rd floor Executive Bldg., Mc Arthur Highway, Malinta, Valenzuela City, or you may call us at telephone number 352-1000 local 1141.**

# Red Boys ng TMO laging handang maglingkod!

RED BOYS NG TMO LAGING HANDANG MAGLINGKOD SA PUBLIKO. Alas-8 ng umaga sa panulukan ng F. Lazaro St., Dalandanan at Mc. Arthur Hi-way, makikita sa larawan si Mr. Joel Curugan na nagtatrapik. Ang maayos na daloy ng trapiko sa kahabaan ng Mc Arthur Hi-way ay dahil sa magandang mga kalsada, mga malinaw na road signs, maayos na mga tawiran at resulta pa rin ng mga mahusay na traffic enforcer na itinalaga ng Traffic Management Office na pinamumunuan ni Mr. Roberto B. Darilag ng Valenzuela City Government.



Katulad ng makikita sa larawan, ganito ang karaniwang mamamasdan sa mga kalsada sa Lungsod ng Valenzuela na gumaganap sa kanilang mga tungkulin ang mga naturang lingkod publiko.

May ilan pa ring lugar na nagkakaroon ng di maayos na daloy trapiko ngunit ito ay sandali lang. Magkagayon man panatag pa rin ang kalooban ng mga motorista dahil nakikita nila ang mga traffic enforcer na nag-aayos nito.

Ang oras ng kanilang serbisyo ay simula ika-6 ng umaga hanggang ika-2 ng hapon ang unang grupo. Simula ika-1 ng hapon hanggang ika-9 ng gabi ang ikalawang pangkat. Anumang mungkahi para lalong mapaganda ang serbisyo trapiko sa Lungsod ay pwedeng tumawag sa Traffic Management Office telepono bilang 291 8231 at hanapin ang Deputy for Operation na si Mr. Lucio Arenas.

# Valenzuela City New Executive Building opens!



The new Executive Building, which costs approximately P36 Million, located at the New City Government Complex along Mc Arthur Highway is now open to serve the public.



The building that will house the Mayor's Office, City Legal Office, Public Information Office, Special Projects Office, City Environment and Natural Resources Office and other key executive offices.

Offices officially transferred last Saturday, July 12. "This is not merely a facelift of the City. These new edifices are more than just buildings, rather,transformations from the old way of government, and reflects fast and efficient service to our constituents who deserve nothing less," Mayor Gatchalian said.

"The offices are more comfortable, not just to employees but as well as to the public whom we serve on a daily basis," Rosalyn Turingan of City Environment and Natural Resources Office said.

Likewise, for transparency, there are no enclosed nooks and crannies, all offices are visible from the outside through broad glass windows, which is also energy-efficient since the building maximizes natural lighting.

"Development and improved service won't stop at the new Executive Building, we are set to start construction of the Legislative Building for the beloved lawmakers of the city. The old City Hall building along Poblacion II Road will likewise be renovated to become the Hall of Justice for the Regional and Municipal Trial Courts," Gatchalian concluded.

**BY ZYAN CAIÑA**

## 10 BATAYAN NG DISIPLINA SA VALENZUELA

1. Maka-Diyos
2. Makabayan
3. May Positibong Pananaw
4. Mapagkakatiwalaan
5. Maagap
6. Malinis at Maayos
7. Malikhain
8. Maka-kalikasan
9. Matapat at may Dangal
10. Matulungin

MGA NASA LOOB:


| | |
|---|---|
| VALENZUELA, MAY DISIPLINA ZONE | page 2 |
| MAYOR WIN, SEN BONG | page 2 |
| PULIS SINGAPORE | page 2 |
| THE VICE PRESIDENT | page 3 |
| MEDICAL EQUIPMENTS | page 3 |
| NFA RICE REBAGGING | page 3 |
| ADDRESS TO ILLEGAL DRUGS | page 4 |
| WIN ANG EDUKASYON | page 5 |
| NAGLAKAD SA SIDEWALK | page 6 |
| VC GLOBAL PROGRAM | page 7 |
| PURPOSE DRIVEN LIFE | page 7 |


# Simulan sa tama, unahin ang dapat unahin!

Tuwing araw ng Lunes sa ganap na ika-8 ng umaga ay ginaganap sa harap ng Bulwagang Geronimo Angeles Bldg. ang flag raising ceremony. Dumadalo rito ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela. Sa naturang gawain ay inaawit ang pambansang awit ng Pilipinas, nag-uulat ang departamento ng Philippine National Police ukol sa kanilang mga pangunahing natapos na tungkulin, nag-uulat din ang iba ukol sa mga programa ng kanilang departamento.

Kasama sa programa ay ang pagbabasa sa bahagi ng biblia at magbibigay ng pagbubulay ukol dito ang isang pastor ng simbahan, at mananalangin patungkol sa mga kawani at Pamahalaang Lungsod. "Sa pangkalahatang kaisipan ng ating Pamahalaang Lungsod ay kailangan ang salita ng Diyos bilang gabay para sa mahusay na pamamahala at paalala sa mga kawani ng gobyerno ukol sa maayos na paglilingkod" sabi ni Mr. Rey Bartolome, isang kawani. "Kailangan lang na dapat simulan sa tama, unahin ang dapat unahin" dagdag pa ni Mr. Bartolome.



Sa pagtatapos ng programa ay inaawit ang Himig Valenzuela, isang awit na sumasagisag ng damdamin ng mga Valenzuelano. Magsisimula para sa isang linggong tungkulin ang mga kawani, babalik sa kani-kanilang gawain na dala ang paalala mula sa biblia. Ang ganitong programa ay nagsasaad na ang pamumuno ni Mayor WIN Gatchalian ay tumutupad sa Sampung Batayan ng Disiplina sa Valenzuela, ang una dito ay ang pagiging maka-Diyos.

**by JOSE GENE ESCOBIA MTC Branch No. 82**

**Obey the government, for God is the one who has put it there. There is no government anywhere that God has not placed in power. Romans 13:1 TLB**